

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 18, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mag-aalok ang Lungsod ng Karagdagang Sesyon ng Pakikinig sa Komunidad Bilang Bahagi ng “Framework para sa Pakikipagkasundo sa Long Beach”

Long Beach, CA - Dahil sa mataas na pangangailangan at sa isang pagsisikap na pahintulutan ang mas maraming miyembro ng publiko na magbigay ng mga ideya upang lumikha ng makabuluhang pagbabago para sa lahat ng aspeto ng kawalang katarungan at hindi pagkakapantay-pantay sa Long Beach, ang Lungsod ay nagdadagdag ng mga sesyon ng pakikinig sa komunidad, nagpapalawak ng kapasidad ng partisipasyon sa bawat sesyon ng pakikinig, at pagho-host ng tatlong open forum town hall para sa pampublikong partisipasyon. Ang mga kaganapan ay bahagi ng “Framework para sa Pagkikipagkasundo sa Long Beach” na nagkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod upang kilalanin ang pagkakaroon ng at paglikha ng plano upang matugunan ang matagal nang, sistematikong rasismo sa lokal at sa Estados Unidos.

“Kinikilala namin na maraming mga tao ang nais na madinig sa mahalaga at atrasadong proseso na ito,” sabi ng Deputy Manager ng Lungsod na si Teresa Chandler.

“Pinapalawak namin ang mga sesyon na ito upang makinig sa mas maraming mga residente at gumawa ng mga pagbabago sa istruktura upang mabalanse ang mas malawak na partisipasyon sa pagtiyak na ang mga palitan ay maayos at makabuluhan.”

Mayroong tatlong paraan upang makasali at magbahagi ng mga ideya ang mga miyembro ng komunidad. Ang mga indibidwal ay maaaring dumalo sa isang town hall, magbigay ng nakasulat na feedback sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang maikling [sarbey online](#) o magsumite ng mga katanungan, ideya, o pagtatanong sa EquityLB@longbeach.gov, o dumalo sa isang pinangasiwaang sesyon ng pakikinig sa komunidad.

Kasama sa ibaba ang mga impormasyon at mga link sa pagrehistro sa kamakailang dinagdag na mga town hall at karagdagang mga sesyon ng pakikinig sa komunidad:

- **Community Town Hall: Mga Open Forum**
[Hunyo 30, 5:30 p.m.](#)
[Hulyo 9, 5:30 p.m.](#)
[Hulyo 12, 4 p.m.](#)
- **Racial Equity Across Systems (kabilang ang kalusugan, ekonomiks, edukasyon, etc.)**
[Hunyo 18, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
[Hunyo 30, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
- **Town Hall ng Komunidad: Pagpulisya at Pampublikong Kaligtasan**
[Hunyo 22, 5:30 p.m. - 7:30 p.m.](#)
- **Spectrum ng Kaligtasan ng Komunidad**
[Hunyo 24, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
[Hulyo 2, 10 a.m. - 11:30 a.m.](#)
- **Equity ng Kalusugan**
[Hunyo 25, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
[Hunyo 28, 6 p.m. - 7:30 p.m.](#)
- **Pagkakapantay-pantay ng lahi sa Pabahay at Kawalan ng Tirahan**
[Hunyo 26, 10 a.m. - 11:30 a.m.](#)
[Hulyo 1, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
- **Equity ng Ekonomiya**
[Hunyo 29, 10 a.m. - 11:30 a.m.](#)
[Hulyo 2, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
- **Equity sa Edukasyon & Mga Serbisyo sa Kabataan**
[Hunyo 29, 5:30 p.m. - 7 p.m.](#)
[Hulyo 3, 10 a.m. - 11:30 a.m.](#)

Upang sumunod sa mga kasalukuyang utos sa kalusugan ng Lungsod at mga hakbang sa pisikal na pagdidistansya, ang mga sesyon ng pakikinig ay magaganap ng virtual sa mga panahong ito. Ang mga karagdagang detalye at impormasyon sa pagrerehistro ay makikita sa [website](#) ng Opisina ng Equity ng Lungsod ng Long Beach

Karagdagang impormasyon tungkol sa Framework ng Pagkakasundo ay makikita sa equity [website](#) at sa [press release](#) na ito.

Ang Framework para sa Pagkakasundo sa Long Beach ay nakapalibot sa apat na pangunahing hakbang:

- **Pagkilala** sa pagkakaroon at matagal nang epekto ng sistematikong rasismo sa Long Beach at sa bansa.
- **Pakikinig** sa mga account at karanasan ng kawalang katarungan, hindi pagkakapantay-pantay, o pinsala sa mga miyembro ng komunidad.
- **Pakikipagkita** sa mga stakeholder upang masuri ang feedback mula sa proseso ng pakikinig at mahugis ang mga patakaran, badyet, charter at mga programmatik na mga repormang ideya.
- **Pagsisimula** ng aksyon, pagpresenta ng agarang, panandalian, medium-term, at pangmatagalang mga rekomendasyon para sa pagsasaalang-alang sa Konseho ng Lungsod.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa [longbeach.gov](https://www.longbeach.gov). Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakahuling balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://www.longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###